

Taon XXXI Bilang 5 Mayo 2001

EDITORYAL

Walang makabuluhang pakinabang ang bayan sa nagdaang eleksyon

AGANAP NA NAMAN ANG isang reaksyunaryong prosesong elektoral. Sa konteksto ng patuloy na lumalalang krisis panlipunan at tuminding banggaan ng mga reaksyunaryo, inilantad ng prosesong ito sa napakalinaw na paraan ang kabulukan at kainutilan ng naghaharing reaksyunaryong sistemang pampulitika. Ginamit ng mga reaksyunaryong pulitiko at partido ang karahasan, pera, pandaraya at samutsaring paraan ng panlilinlang sa mamamayan sa kanilang pagpapaligsahan para sa poder.



www.angbayan.org • editors@angbayan.org



www.angbayan.ord

NILALAMAN

- 1 EDITORYAL: Walang makabuluhang pakinabang ang bayan sa nagdaang eleksyon
- 4 Mga ipinaglalaban ng manggagawang Pilipino
- 6 Panayam kay Ka Roger
- 8 Muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP, matagumpay na idinaos
- MGA ULAT KORESPONSAL:
 (1) Laban sa pandarambong sa
 yaman ng Kordilyera; (2) Mamamayan
 sa Gitnang Kabisayaan, masiglang
 lumahok sa pakikibakang antiEstrada; (3) Mga taktikal na opensiba,
 patuloy na inilulunsad sa Kabikulan;
 (4) Mga pagpaparusa sa Hilagang
 Mindanao, ipinaliwanag

14 Mga balita ng pakikibaka

PANAWAGAN

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nag-aanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentaryo at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

Maaaring makuha ang pinakahuling isyu ng **Ang Bayan** sa internet. Magtungo sa

www.angbayan.org

Tatanggap din ng mga liham sa

editors@angbayan.org

Tulad sa nakaraan, ginamit ang kagaganap na eleksyon para likhain ang ilusyong mayroong demokrasya sa bansa at silawin ang mamamayan sa mga demagohikong pangako, samutsaring palabas at pamumudmod na pera. Naging isa rin ito sa pinakamarumi at pinakamagulong eleksyon.

Ang eleksyong 2001 ay naging isa rin sa pinakamadugo sa kasaysayan ng bansa. Tulad ng dati, ang nagdaang eleksyon ay nagsilbing ekstensyon ng marahas na bangayan ng mga reaksyunaryo. Ang igting ng labanan sa eleksyong ito ay salamin ng ibayong pagsidhi ng bangayang ito.

Naisin mang gamitin ng mga reaksyunaryo ang eleksyon upang plantsahin ang kanilang mga tunggalian, anuman ang maging resulta nito'y nagsisilbing pundasyon para sa higit pang pagmamaniobrahan at marahas na pag-aagawan sa poder.

Bahagyang nakaaangat sa eleksyon para sa Senado ang mga kandidato ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Gayunman, lumilitaw na madaragdagan pa ang nananatiling malakas na pusisyon ng reaksyunaryong oposisyong maka-Estrada sa Senado. Malakas din ang naipakikitang pagpupwesto ng kampong maka-Estrada sa Kongreso at mga lokal na pamahalaan. Nagkukumahog at naguunahan ang dalawang pangunahing kampo ng mga reaksyunaryong pulitiko at partido para dayain ang mga resulta ng nagdaang eleksyon at makamit ang mas mapagpasyang kalamangan sa katunggali. Maaari itong magbunga ng kaguluhan at magpatindi sa kanilang bangayan.

Patuloy ang pagkakaligalig ng pamumuno ng kampong Macapagal-Arroyo sa naghaharing estado at sistema. Hindi pa nalulubos ang proseso ng pag-uusig at paglilitis kina Estrada. Kasabay nito, nagsisikap na rin itong makipagkompromiso at makipagtulungan sa kampong Estrada. Sa kabilang panig, gagamitin ng kampong Estrada ang napagwagian nilang mga pusisyon bilang tuntungan para patuloy na hamunin at muli't muling tangkaing makipag-agawan ng poder sa kampong Macapagal-Arroyo, sa marahas o pailalim kundi man sa ligal na pamamaraan.

Sa harap ng lahat ng mga ito, patuloy na malakas ang panawagan ng mga rebolusyonaryong pwersa at ng mamamayan na parusahan si Estrada at mga kriminal niyang kasapakat. Matinding lalabanan ng mga rebolusyonaryo at progresibong pwersa at ng mamamayan ang mga kompromiso at konsesyong ibinibigay ngayon ng rehimen kay Estrada. Sa darating na

panahon, tatampok ang kawalang-kakayahan ng naghaharing rehimen at ng buong naghaharing sistema na resolbahin ang tuluy-tuloy at papalalang krisis at kaguluhan sa reaksyunaryong pulitika.

WALANG MAKABULUHANG PAKINABANG ANG mamamayan sa naganap na eleksyon. Patuloy



ang paghaharing pyudal at burukratang kapitalista sa lahat ng antas ng pamahalaan at sistemang pampulitika sa bansa. Monopolisado ng mga kinatawan ng mga reaksyunaryong naghaharing uri at ng iba't ibang kampo at partido pulitikal nila ang mga panalo at iba pang pakinabang sa ganitong eleksyon. Sa ilalim ng reaksyunaryong sistema, mumo lamang ang ipinamumudmod ng mga reaksyunaryong pulitiko na maraming pera at "regalo" sa masa. Tiyak na mas malaki pa ang kakamalin ng mga reaksyunaryong pulitikong ito sa pamamagitan ng malakihang pangungurakot at pandarambong minsang makaupo sila sa kapangyarihan.

Sa pamamagitan ng puspusang pagsulong ng kilusan ng mga demokratiko at progresibong pwersa at paglakas ng organisadong hanay ng masa, nagkaroon ng munting puwang ang ilang progresibong pwersa at kinatawan ng mga organisasyon ng mamamayan na makalahok at manalo sa eleksyon. Kabilang ang pakikibakang elektoral at parlamentaryo sa arsenal ng mga rebolusyonaryo. Subalit, sekundaryo ito sa rebolusyonaryong pakikibakang armado; at maging sa hayag na kilusang masa.

Ang malaking botong nakuha ng Bayan Muna sa eleksyong partylist ay nagsalamin ng mataas na prestihiyong natamo ng mga progresibong pwersa. Bunga ito ng puspusan at tuluy-tuloy na pakikibaka para sa kapakanan ng mamamayan, at ng pakikibaka upang patalsikin si Estrada. Gayunpaman, ang tatlo nitong kinatawang pinahihintulutang makaupo sa kongreso

ay sadyang napakaliit na bilang at hindi makatitibag sa dominanteng pusisyon ng mga reaksyunaryong pulitiko na nagtataguyod sa interes ng mga naghaharing uri.

Mahalagang mailinaw ang mga limitasyon ng pagkilos ng mga progresibo sa loob ng reaksyunaryong parlamento at gubyerno. Habang relatibong mababa pa ang antas ng rebolusyonaryong lakas at kapangyarihan, mananatiling malakas pa rin ang pag-iral at kapit sa masa ng luma't bulok na pulitika. Napakaliit ng puwang sa loob ng reaksyunaryong sistema para pawiin ang kabulukan at katiwalian sa pamahalaan, baguhin ang sistemama at kamtin ang mga repormang tunay na pakikinabangan ng mamamayan. Kaalinsabay, naririyan ang maraming balakid. Kabilang dito ang maruming pulitika at ang pasistang mga atake at anti-komunistang red-baiting laban sa kanilang mga organisasyon at tauhan. Matindi rin ang karahasang dinanas ng mga progresibong pwersang lumahok sa eleksyon. Sa buong panahon ng kampanya, hindi kukulangin sa 12 coordinator at boluntir ng Bayan Muna ang iligal na inaresto, dinukot, tinakot, sinaktan o pinatay ng mga sundalo at pulis.

May mahalagang papel ang elektoral na pakikibaka at pagkilos sa loob ng reaksyunaryong parlamento para sa mga progresibo at demokratikong pwersa. Pundamental at pangunahing tungkulin natin dito na ilantad ang kabulukan at sabayang labanan ang reaksyunaryong sistema mula sa loob at labas, at ipahayag at ituro ang direksyon tungo sa rebolusyonaryong alternatiba. Kaalin-

sabay, maaaring samantalahin ang mga puwang at pagkakataon para sa taktikal na kapakinabangan ng mamamayan at ng progresibo at demokratikong kilusan. Ito, habang

mahigpit na binabantayan at nilalabanan ang pang-aakit at paglamon sa kanila ng bulok na sistema.



SA IBA PA RING MGA paraan, pinakinaba-

ngan ng mga rebolusyonaryong pwersa ang mga kundisyong nilikha ng nagdaang reaksyunaryong eleksyon. Ginamit ang iba't ibang pagkakataon upang patampukin ang mga isyu't kahilingan ng mamamayan, isulong ang armadong pakikibaka, palakasin ang rebolusyonaryong pwersa, palawakin ang nagkakaisang prente, at samantalahin at higit na palalain ang hidwaan sa hanay ng mga reaksyunaryo.

Inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan ang mga piling taktikal na opensiba. Ginamit ng rebolusyonaryong kilusan sa mahusay na paraan ang pagkakataon upang pairalin at ipamalas ang kapangyarihang pampulitika nito at isakatuparan sa mga teritoryo nito ang mga rebolusyonaryong patakaran, kabilang ang pagsingil ng access fee sa pagpasok ng mga reaksyunaryong pulitiko sa mga larangan at sonang gerilya. Pinarusahan ang mga despotikong pulitikong may mga utang na dugo sa rebolusyonaryong kilusan at sa mamamayan, Kaugnay nito, kailangang paghandaan ang pananalakay ng mga sandatahang pwersa ng estado sa mga larangang gerilya. Iniutos na nina Macapagal-Arroyo at DND Sec. Angelo Reyes ang

Mga ipinaglalaban ng manggagawang Pilipino

asabay ng papatinding krisis sa ekonomya, ibayong lumulubog sa kumunoy ng kahirapan ang mga manggagawa. Sa kabila nito, patuloy na ipinatutupad ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang mga patakarang nang-aapi at nagpapahirap sa mga manggagawa. Alinsunod sa imperyalistang "globalisasyon", patuloy ang pagtataguyod sa liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon. Taliwas sa mahigpit na kahilingan ng mga manggagawa, ipinagpapatuloy lamang ni Macapagal-Arroyo ang anti-manggagawang programa ng pinatalsik na si Estrada.

Nananatiling P250 ang minimum na arawang sahod. Kulang na kulang ito kung ihahambing sa P418 (P501 sa Metro Manila) kinakailangan sa bawat araw ng anim-kataong pamilya upang makapamuhay nang disente. Lalong nagpaliit sa kakarampot na ngang sahod ng mga manggagawa ang tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng mga karaniwang bilihin.

Tuluy-tuloy at malawakan ang tanggalan sa trabaho sa mga manggagawa tulad ng sa San Miguel Corp.

at Toyota. Sa Gitnang Luzon, mahigit 10,000 manggagawa ang tinanggal sa trabaho mula Enero hanggang Marso ng taong ito. Triple ang laki nito sa mga nasisante sa parehong panahon at lugar noong nakaraang taon.

Walang tigil ang pandarahas sa piketlayn, tulad ng sa Cosmos, Mina's Transit at Yokohama Tires Philippines, Inc. Patuloy ang pag-atake sa karapatan ng mga manggagawa na magunyon at malayang maglahad ng mga hinaing.

SA INILUNSAD NA PEOPLE'S Dialogue with the NDFP noong Abril, inihapag ng mga manggagawa, sa pamamagitan ng Kilusang Mayo Uno, ang kanilang mga kahilingan. Dinaluhan din ito ng iba pang sektor at mga kinatawan ng gubyernong Macapagal-Arroyo. Iminungkahi ng mga manggagawa sa NDFP na gawing adyenda sa usapang pangkapayapaan ang sumusunod na kahilingang ipinaglalaban nila:

1. Dagdagan ng P125 ang ara-

■ paglulunsad ng mga atake sa BHB pagkatapos ng eleksyon. Umano'y pagganti ito sa mga pagpaparusa at paniningil ng access fee na ginawa ng BHB sa panahon ng eleksyon.

Ang higit pang mahalaga para sa rebolusyonaryong kilusan ay ang paglilinaw sa mamamayan na walang tunay at pangmatagalang makabuluhang matatamasa ang bayan sa naganap na eleksyon. Sa bawat pagkakataon, sinikap ilinaw sa masa ang rebolusyonaryong alternatibo sa umiiral na kaguluhan at krisis ng reaksyunaryong sistemang pampulitika. Lalo pa itong magiging malinaw pagkatapos ng eleksyon, sa paglaho ng mga demagohikong pangako ng mga pulitiko at kawa-

lan ng makabuluhang mga pakinabang na nakikita at natatamasa ng mamamayan.

Matagal nang dumaraing ang mamamayan sa mga baryo at sakahan, mga pagawaan, at mga komunidad ng mga maralita sa lunsod. Lalong lumalakas ang paghuhumiyaw nila para sa tunay at pundamental na mga solusyon sa mga saligang problema ng bayan, laluna sa lumalalang kahirapan at kaapihan ng maralitang mamamayan.

Tanging ang rebolusyonaryong kilusan ang nasa katayuan na pamunuan at dalhin ang sambayanan sa landas ng tunay at pangmatagalang solusyon sa mga saligang suliranin ng bayan.

ng P3,000 ang buwanang sweldo ng mga kawani ng gubyerno; buwagin ang regional wage boards at ibalik ang pambansang minimum na sahod sa pamamagitan ng pagbabasura sa Wage Rationalization Act of 1989.

- 2. Itigil ang malawakang tanggalan at ibalik sa trabaho ang mga di-makatwiran at iligal na sinisante sa ilalim ng rehimeng Estrada
- 3. Ibasura ang Department Order No. 10 ng DOLE at ipagbawal ang kontraktwalisasyon, kaswalisasyon, agency hiring at iba pang patakarang nagdudulot ng kawalan ng seguridad sa trabaho ng mga manggagawa;
- 4. Buwagin ang Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) at ang iskema sa pag-aaprentis, at iba pang kaayusan sa trabaho na nagbubukas sa pasahod na mas mababa sa minimum.
- 5. Ibasura ang lahat ng kasong isinampa laban sa mga manggagawa, mga lider ng unyon at mga unyon kaugnay ng paggigiit ng mga demokratikong karapatan.
- 6. Igalang ang ganap na pagtatamasa ng mga karapatan sa paguunyon at mga demokratikong karapatan ng mga manggagawa (laluna sa economic zones), usigin ang mga upisyal ng gubyerno, pulis, militar at goons na lumalabag sa karapatan ng mga manggagawa; pawalambisa ang mga kontra-manggagawang probisyon ng Labor Code
- 7. Pawalambisa ang Executive Order 180 at kilalanin ang karapatan ng mga empleyado ng gubyerno na mag-organisa, kolektibong makipagtawaran at magwelga.
- 8. Itigil ang pagsingil ng labis-labis na mga bayarin sa mga

wang sahod ng mga manggagawa at OFW at ibasura ang iba't ibang batas, kautusan at resolusyon na lalong nagpapabigat sa pasanin at nagpapatindi sa komodipikasyon ng mga migranteng Pilipino.

> 9. Pagtibayin ng Senado at ganap na isakatuparan ng gubyerno ng Pilipinas ang United Nations Convention for the Protection of Migrants, their Families and their Rights and Welfare.

10. Patawan ng mabigat na parusa ang lahat ng mga ahensya at indibidwal na nag-eempleyo ng mga batang manggagawa sa peligrosong mga industriya at yaong mga sangkot sa sex trafficking ng kababaihan at mga batang Pilipino.

11. Gumawa ng batas na magpapatupad sa konstitusyunal na prinsipyo ng pantay-pantay na karapatan sa trabaho; parusahan ang mga employer na kumukuha ng trabahador batay sa kasarian, katayuang sibil, edad, relihiyon at kuneksyong pulitikal. Parusahan yaong mga nagpapatupad ng mga anti-kababaihang patakaran sa pagkuha ng empleyado.

- 12. Itigil ang demolisyon ng mga tirahan ng mga manggagawa at iba pang maralitang lunsod maliban kung matitiyak na mayroon pa silang matitirahan at mapagkakakitaan.
- 13. Ibasura ang maka-negosyong programa sa pabahay ng dating administrasyong Estrada at magpatupad ng isang planado, komprehensibo at sustenableng programa sa pabahay para sa mga manggagawa at maralitang tagalunsod. Pawalambisa ang kontra-mahirap na mga probisyon

ng RA 279 o Urban Development Housing Act (UDHA).

14. Tiyakin ang sapat at mura, kung di man libreng pagbibigay ng mga serbisyong panlipunan tulad ng tubig, kuryente, edukasyon

at pagpapa-ospital laluna para sa mga walang trabaho at iba pang maralitang lunsod.

15. Ibasura ang misrepresentasyon ng reporma sa lupa bilang kusang pagbebenta ng lupa o mga sapi ng mga panginoong maylupa. Itigil ang arbitraryo at di-makatarungang pagpapalayas sa mga magsasaka at manggagawang bukid bunga ng pagpapalit-gamit at tahasang pangangamkam

ng lupa ng mga kumpanyang multinasyunal at mga lokal na negosyante at panginoong maylupa. Itaas ang arawang sahod ng mga manggagawang bukid at pagkalooban sila ng iba pang ayudang pangekonomya.

MALAKING PAPEL ANG GINAMPANAN NG mga manggagawa sa pagpapatalsik sa anti-manggagawang si Estrada. Nasa unahan sila ng paglaban bago pa man tuluyang malantad ang katiwalian ni Estrada. Noong Enero, dumagsa sa EDSA ang malaking bilang ng mga manggagawa upang makiisa sa iba pang sektor laban sa tiwaling pangulo at kanyang mga kasapakat.

Bumuhos ang mga manggagawa at iba pang sektor sa iba't ibang lunsod sa bansa tulad ng Bacolod, Iloilo, Cebu, Naga, Baguio at iba pa upang ipagdiwang ang Pandaigdigang Araw ng Paggawa. Kasa-

Panayam kay Ka Roger

ANG SUMUSUNOD AY MGA SIPI SA *EMAIL INTERVIEW* NI DELFIN Mallari ng *Philippine Daily Inquirer* noong Abril 2001 kay Gregorio "Ka Roger" Rosal, Pambansang Tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Delfin Mallari (DM): Ano ang nagtulak sa rebolusyonaryong kilusan upang hindi man tuwirang lumahok ay tila nagbibigay ngayon ng pagkakataon sa mga ligal na organisasyon na aktibong lumahok sa halalan? Noong una ay ibinabasura ninyo ang eleksyon bilang isa lang instrumento ng panloloko ng estado at ng mga naghaharing uri, subalit ngayon ay tila nagbago kayo ng pananaw. Ano ang dahilan?

Ka Roger (KR): Katulad ng mga nagdaang eleksyon, ang darating na eleksyon ay nasa ilalim ng kontrol ng mga naghaharing uri. Kailangang ilantad ang reaksyunaryong katangian ng mga halalan sa ilalim ng umiiral na kaayusan at pawiin ang anumang ilusyon na malulutas

ng mga ito ang mga saligang suliranin ng bayan.

Ang Partido, ang hukbong bayan at ang mga lihim na rebolus-yonaryong organisasyon at alyansa, at maging ang mga kadre at pwersa nitong itinuturing ng estado na iligal at walang karapatang bumoto, ay hindi lumalahok sa mga reaksyunaryong halalan. Ang itinataguyod ng mga rebolusyonaryong pwersa ay ang tunay na malayang halalan sa ilalim ng demokratikong gubyernong bayan.

Gayunman, hindi taliwas bagamat sekundaryo sa armadong pamamaraan ang mga ligal na anyo ng pakikibaka upang ipaglaban ang pambansa at demokratikong interes ng mamamayan. Sa gayon, ang

paglahok sa mga halalan ng mga progresibong organisasyon at kandidato ay itinuturing ng Partido at rebolusyonaryong kilusan bilang isang mainam na bagay.

Ang ilang pagkakataong makabuluhang nakalalahok at nagpapakita ng magandang prospek sa eleksyon ang mga progresibong organisasyon at kandidato, tulad sa ngayon ng Bayan Muna, ay bunga hindi ng pagluluwag para sa kanila ng reaksyunaryong eleksyon kundi ng paglakas ng demokratikong kilusang masa.

Gayunman, kailangang unawain ng lahat na kahit pa makaupo sa pwesto ang mga progresibo, hindi pahihintulutan ng mga reaksyunaryo na ang umiiral na mapangaping sistema ay mapalitan ng isang sistemang makatarungan at progresibo. Kung tutuusin, ang pinakamalaking magagawa ng mga progresibong upisyal sa loob ng reaksyunaryong parlamento ay ang igiit ang interes ng mamamayan at ilantad ang kabulukan ng naghaharing sistema at ang kawalangkakayahan nitong tugunan ang mga kahingian ng masang api at pinagsasamantalahan.

DM: Naging laganap na naman ang koleksyon ng inyong tinatawag na "permit to campaign fees" sa inyong mga kontroladong lugar, may mga

■ bay ng pagpapahayag ng mga kahilingan, kinundena nila ang pagpupumilit ng kampo ni Estrada na makabalik sa poder.

Inilunsad noong Abril 12 ang "Kalbaryo ng Mamamayan sa Panahon ni Gloria" *caravan* na nilahukan ng mga manggagawa at ibang maralitang sektor. Hinamon nila ang bagong rehimen na lutasin ang mga batayang problema at kilalanin ang mga demokratikong karapatan ng mga api't naghihirap na mamamayan.

Patuloy ang pagsulong ng mga pang-ekonomya at pampulitikang pakikibaka ng mga manggagawa. Mahigpit nilang iginigiit ang kanilang kagyat at pangmatagalang kahilingan. Sumusulong ang pakikibaka ng mga manggagawa sa harap ng papalalim na krisis. Habang tumitindi ang pagsasamantala sa kanila ng mga kapitalista at ng rehimen, lalong tumatatag ang kapasyahan ng mga manggagawa na ipaglaban ang kanilang kapakanan at mga karapatan. 🍱

nagpapalagay na isa itong hindi makatwirang praktika ng BHB, lalo't higit ngayon na may mga sinusuportahan na kayong partido at mga kandidato.

Kaugnay pa rin dito Ka Roger, may mga pagkakataon po ba na

nagbigay kayo ng pahintulot sa ibang kandidato na makapangampanya sa loob ng inyong mga kontroladong lugar kahit na hindi na tumubos ng permiso?

KR: Ang paniningil para sa "permit to campaign" ay wastong paggamit ng pampulitikang kapang-

yarihan at karapatang pang-estado ng rebolusyonaryong kilusan. Isinasakatuparan ito bilang pagtatanggol sa integridad ng mga teritoryong nasa kontrol ng demokratikong gubyernong bayan.

Ang karapatang ito ay ginagamit din upang sagkaan ang mga sagadsaring kontra-rebolusyonaryo at anti-mamamayang pulitiko na makapanlinlang at makahawak ng kapangyarihang pampulitika.

Lahat ng mga pulitikong nais mangampanya sa mga teritoryong nasa kontrol ng demokratikong gubyernong bayan ay kailangang may "permit to campaign". Pero, pinag-iiba syempre ang mga reaksyunaryo at mga kaibigan. Hindi sinisingil ng kabayaran para sa "permit to campaign" ang mga progresibong kandidato. Bahagi ito ng aplikasyon ng patakaran ng nagkakaisang prente sa mga usapin kaugnay ng halalan.

DM: Sinasabi rin na ang praktikang ito ng BHB ang siyang parang nagtutulak sa mga mahahalal na upisyal ng

bayan na gumawa ng pagnanakaw sa pamahalaan upang makabawi sa nagastos sa halalan, kasama na dito ang ibinayad sa "permit to campaign fees". Pwede ba, Ka Roger, na humingi sa inyo ng paliwanag tungkol sa bagay na ito? tido at pambansa-demokratikong rebolusyonaryong kilusan sa mga halalan at parlamentaryong paraan ng pakikibaka. Samantalang kinikilala ng Partido ang mga ito bilang sekundaryong paraan sa pakikibaka, mahigpit itong isinasakonteksto ng

Ang ilang pagkakataong makabuluhang nakalalahok at nagpapakita ng magandang prospek sa eleksyon ang mga progresibong organisasyon at kandidato... ay bunga hindi ng pagluluwag para sa kanila ng reaksyunaryong eleksyon kundi ng paglakas ng demokratikong kilusang masa.

KR: Ang totoo'y napakaliit lamang na bahagi ng kabuuang gastos sa halalan ang ibinabayad ng mga bulok at reaksyunaryong pulitiko sa "permit to campaign". Sa ating karanasan, singilin man o hindi ng BHB ang mga bulok at reaksyunaryong pulitikong ito, gagamitin pa rin nila ang pwesto sa burukrasya upang magkamal ng yaman at gamitin ang mga pribilehiyo para sa iba't ibang pakinabang. Kaya nga't nakahanda silang gumastos nang napakalaki, at higit pa rito, makipagpatayan, para lamang makuha nila ang poder.

DM: Sinasabi ng kabilang grupo, partikular mula sa mga grupo na identified sa yumaong Popoy Lagman, sa inyo raw paglahok ngayon sa halalan, sa pamamagitan ng Bayan Muna, ay minsan pa nilang pinatunayan na sila ang wasto dahil noon pa daw sila lumahok sa eleksyon. In the sense, nanggaya na lang daw kayo.

KR: Magkaibang-magkaiba ang pagtitimbang at paggagamit ng Par-

Partido at rebolusyonaryong kilusan sa balangkas ng matagalang digmang bayan at sa armadong pakikibaka bilang pangunahing paraan ng pakikibaka.

Sa kabilang panig, ang mga rebisyunistang taksil, tulad nina Popoy ay bumaling-baling mula sobrang-Kaliwang insureksyunismo tungo sa Kanang parlamentarismo. Nananaginip sila nang gising sa pag-aakalang ang kapangyarihan ng estado ay hahayaan na lamang ng mga reaksyunaryong naghaharing uri na mapasakamay ng mga napagsasamantalahan at naaaping uri sa pamamagitan lamang ng halalan.

DM: Bagamat, batid kong wala pang kongkretong dahilan upang ihinto ang ganitong uri ng taktika sa pakikibaka, gusto ko pa ring malaman mula sa inyo bilang tagapagsalita ng Partido at ng hukbo, kung paano ninyo tinitingnan ang naging karanasan ninyo sa dalawang bihag digma, si Martin at Buan?

KR: Ang matagalang pangangalaga ng BHB kina Chief Ins- ▶

Ang Bayan * Mayo 2001 7

Muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP, matagumpay na idinaos

atagumpay ang muling pagbubukas ng pormal na usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) noong Abril 27-30 sa Oslo, Norway.

Pinangungunahan ni Kasamang ling pagbubukas ng negosasyong Luis Jalandoni ang NDFP Negopangkapayapaan ang pag tiating Panel na kinabibilangan sasakatuparan ng din nina Kasamang Compre-Fidel V. Agcaoili hensive at Kasamang Coni Ledesma. Pinament on Respect for mumunuan dating Justice Human Sec. Silvestre Rights and Inter Bello III ang panel ng national Humani-GRP, na kinabibilangan din tarian Law o CARHRIHL nina Agrarian Reform Sec. at ang mga mungkahing Hernani Braganza at Atty. Rene hakbangin ng kabutihang-loob Sarmiento. pagbubuo ng kumpyansa Pangunahing tinalakay sa mu-(goodwill and confidence-building

measures) ng magkabilang panig. Pinag-usapan din ang kondukta ng pagtalakay sa Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER), ang susunod na paksa sa substantibong adyenda ng usapang pangkapayapaan.

comprehensive kayan, iginiit ng NDFP na nara-rapat nang kagyat na isakatuparan ang CARHRIHL upang magsilbi itong sandata ng mamamayang man and Inter sa karapatang-tao. Kaugnay nito, hiniling ng NDFP na kagyat nang ipatupad ng GRP ang sumusunod na probisyon: (1) pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal; (2) indemnipyansa batas miltar; (3) pagrepaso at batas miltar;

◆ pector Martin at Major Buan ay nagpapakita sa kakayahan ng BHB na walang taning na pangalagaan ang mga bihag ng digma alinsunod sa internasyunal na makataong batas, mga alituntunin ng digma at sa sariling patakaran ng makataong pagtrato sa mga bihag ng digma, kahit panay ang paglulunsad ng mga rescue at regular na operasyon ng AFP at PNP laban sa BHB at sa baseng masa nito.

Ang pagkasawi ni PCI Martin at ang pagpapalaya kay Major Buan ay nagpapakita sa dalawang magkaibang paraan, na ang ligtas at maayos na pagpapalaya sa mga bihag ng digma ay maisasagawa lamang sa pamamagitan ng negosasyon.

DM: Paano ninyo tinitingnan ang mga huling development sa gumugulong na usapang pangkapayapaan?

KR: Ang mga saligang pagbabagong minimithi ng Partido, BHB at buong rebolusyonaryong kilusan ay

hindi makakamit kung walang armadong pakikibaka at kung hindi ito ang pangunahing paraan sa paglaban.

Seryoso ang Partido, ang BHB at ang rebolusyonaryong kilusan sa pagpasok sa usapang pangkapayapaan sa hangaring mabigyang-atensyon ang mga saligang suliranin ng mamamayang Pilipino na siyang nasa likod ng kasalukuyang armadong tunggalian. Gayunpaman, nakasisira sa diwa at mahusay na daloy ng usapang pangkapayapaan ang mga maniobra at maruruming taktika ng mga militarista kabilang ang adelantadong paglalabas ng usapin ng "national ceasefire".

Asahan nating daraan pa ang usapang pangkapayapaan sa maraming liko't ikot. Naririyan din ang posibilidad na mauntol at mabigo ito laluna't magiit at namamayani sa loob ng gubyernong Macapagal-Arroyo ang mga militarista. Sila ang pangunahing banta sa usapang pangkapayapaan.



Ibahagi ang inyong mga karanasan sa pakikibaka

SIMULA sa isyung ito, ang Mga Ulat Koresponsal ay magiging regular na seksyon ng AB. Ilalathala rito ang mga karanasan ng mga rebolusyonaryong pwersa sa pagsusulong ng armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo, pagtatayo ng baseng masa, mga pakikibakang masa, pakikipagkaisang prente at iba pang linya ng gawain. Hinihikayat ang lahat ng yunit ng Partido hanggang batayang antas na ibahagi ang kanilang mga karanasan sa pagkilos sa hanay ng mga magsasaka, manggagawa, maralitang lunsod, pambansang minorya, kababaihan, kabataan, mga bata at iba pang demokratikong sektor.

Laban sa pandarambong sa yaman ng Kordilyera

SA PANGUNGUNA NG CORDILLERA PEOPLE'S ALLIANCE (CPA), ipinagdiwang sa ika-17 Araw ng Kordilyera ang magiting na kasaysayan ng mamamayan ng Kordilyera sa pagtatanggol sa kanilang lupang ninuno, buhay, kabuhayan at kayamanan at sa pagsusulong ng pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Idinaos ang pagdiriwang nitong Abril 24 sa Mankayan, Benguet.

Gayundin, naglunsad ng mga paggunita sa mga sonang gerilya ang Bagong Hukbong Bayan at iba't ibang organisasyong masa sa ilalim ng Cordillera People's Democratic Front (CPDF).

Sa pahayag ng CPDF, sinabi nitong

■ pagbasura sa mga mapanupil na batas; at (4) pagtigil sa mga mapanalantang operasyon at kampanyang militar.

Gayundin, ipinahayag ng NDFP na ituturing nitong hakbangin ng kabutihang loob at pagbubuo ng kumpyansa kung ipatutupad ng GRP ang (1) P125 na pangkalahatang pagtataas ng sahod ng mga manggagawa sa buong bansa; (2) pagpapabalik sa mga sapilitang pinalikas (internal refugees) sa kani-kanilang mga tahanan; (3) pagapruba at pagpapatupad sa EO 10, na nagbabawal sa municipal waters ng malalaking bangkang pangisda, lalo yaong dayuhan; at iba pa.

PANIMULA NANG NAGPULONG ANG Reciprocal Working Committee para sa SER. Napagkasunduan ng bawat panig ang pagbubuo ng kanikanilang mga subkomite. Ang mga ito'y maaaring magpulong nang impormal at magdaos ng magkakahiwalay o magkasanib na mga pampublikong pagdinig sa Pilipinas bilang paghahanda para sa mga aktwal na pagpupulong para sa SER.

Nagkasundo rin ang NDFP at GRP na idaraos ang susunod na serye ng mga usapan sa Hunyo 9-15. Batay sa mainit na pagtanggap at karanasan ng Norway sa pagtaguyod sa mga negosasyong pangkapaya-

paan, pinagtibay ng dalawang panig ang mungkahing doon na patuloy na idaos ang negosasyon.

TINATANAW NG NDFP NA MAGIGING mahirap ang pagsusulong ng usapang pangkapayapaan. Ayon sa tagapangulo nitong si Kasamang Mariano Orosa, sadyang mas mabigat at mas kumplikado kaysa sa mga nagdaang usapan ang usapin ng pagpapatupad ng CARHRIHL at pagbubuo ng CASER. Sa kabilang banda, aniya, mas makabuluhan ang pakinabang na pwedeng makamit dito ng mamamayang labis na naghihirap, pinagsasamantalahan at inaapi.



akmang-akma ang tema ng Araw ng Kordilyera ngayong taon na: "Labanan ang pandarambong sa lupa at rekurso ng katutubong mamamayan! Isulong ang pulitika ng pagbabago upang kamtin ang mga hinahangad ng mamamayan!".

Ayon sa CPDF, sa kabila ng pagkakaluklok ng bagong presidente, patuloy na nilalapastangan

ng reaksyunaryong estado ang karapatan pagpapasya-sasarili ng mamamayan ng Kordilyera. Bilang mga Pilipino, pinapasan nila ang tatlong batayang suliranin imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalis-Bilang pambansang minorya, pinapasan din nila ang partikular na

problema ng pambansang pangaapi.

Walang pagbabago sa mga suliraning kinakaharap ng mga taga-Kordilyera at buong sambayanang Pilipino. Anang CPDF, ni isang saglit ay hindi tinantanan ng mga kaaway ng mamamayan ng Kordilyera at ng buong sambayanang Pilipino ang pagsasamantala at pagpapahirap sa kanila. Sa esensya, ipinagpapatuloy ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang tunguhin ng lahat ng naunang rehimen.

Tinuligsa ng CPDF ang reaksyunaryong dalawahang taktika ng rehimeng Macapagal-Arroyo—sa isang banda'y inaamo ang mamamayan ng Kordilyera sa pamamagitan ng pagpunta sa ilang sentrong bayan ng rehiyon at pagpapatupad ng mga proyektong pampasiklab (impact projects); sa kabilang banda nama'y ipinagpapatuloy ng militar sa ilalim ng bagong rehimen ang paghahasik ng lagim, laluna sa Kalinga at Abra.

Tinukoy ng CPDF ang haras-

ment kamakailan Anang CPDF, ni sa mga organisasisang saglit ay hindi yon ng mamamayan sa Mankayan tinantanan ng mga na lumalaban sa kaaway ng mamaoperasyon mayan ng Kordil-Lepanto Consolidated Mining Co. yera at ng buong Ang naturang kumsambayanang Pilipanya sa pagmipino ang pagsasamina na pag-aari ng mga imperyalista at mantala at burges kumprador. pagpapahirap sa Ipinagpapatuloy kanila. din ng rehimen ang pagtatayo ng San

> Roque Dam at ang pagpapatupad ng iba pang patakaran at programang nagdudulot ng malawak at matinding pinsala sa mamamayan ng Kordilyera.

> Sa kabilang banda, ang CPA bilang pinakamalaki at pinaka-organisadong ligal na demokratikong alyansa ng batayang masa at iba pang sektor sa Kordilyera ay nangunguna sa paglulunsad ng mga pakikibaka laban sa mga kontramamamayang pakana tulad ng mga minahan, mga dam, pagtotroso, komersyalisasyon ng agrikultura, mga geothermal plant, tourism projects pang at iba proyektong sumasalanta at sumasaid

sa likas na yaman ng rehiyon. Pinangungunahan nito ang pagpupukaw sa mamamayan upang maging mas mulat sila sa kanilang mga karapatan.

Kaakibat ng rumaragasang demokratikong kilusang masa na patuloy na lumalakas taun-taon, nagpupunyagi ang CPDF sa paglulunsad ng digmang bayan, ng makatarungang digmang rebolusyonaryo upang tuluyang makapamayani ang mamamayan at makapagpasya hinggil sa kanilang kahihinatnan sa ekonomya, pulitika, lipunan at kultura.

Ang pambansa-demokratikong kilusang masa ng mamamayan ng Kordilyera, kapwa armado di-armado, ay may matutunghayang mayayaman at mahahalagang aral mula sa di mabilang na pakikibaka ng mamamayang Kordilyera—ang pakikibaka laban sa Chico Dam, sa Cellophil Resources Corp., sa San Roque Dam, sa mga minahan, mga pakikibaka laban sa militarisasyon sa mga baryo at marami pang iba. Sa pagtataguyod ng mga aral mula sa mga pakikibakang ito, naiiwasan ang mga pagkakamali at nakabubuo ng epektibong taktika sa pagpapalakas ng kilusang masa at pakikipagkaisang prente at makakamit ang malalaki pang tagumpay.

Nanawagan ang CPDF para sa pagpupunyagi upang iangat ang pakikibaka para sa pambansang pagpapasya-sa-sarili at demokrasya sa mas mataas pang antas. Anang CPDF: "Gawing pangmatagalang inspirasyon nating lahat ang mga sakripisyo ng ating mga ninuno at ang dugo ng ating mga martir." **E**



Mamamayan sa Gitnang Kabisayaan, masiglang lumahok sa pakikibakang anti-Estrada


KAISA NG BUONG SAMBAYANAN, IPINAGDIWANG NG REBOLUSYOnaryong kilusan at mamamayan sa Gitnang Kabisayaan ang matagumpay na pagpapatalsik sa rehimeng Estrada noong Enero. Kasabay ng dambuhalang pagkilos sa EDSA at sa iba't ibang sentrong lunsod sa Pilipinas sa panahong iyon, naglunsad ng higanteng mga aksyong masa ang mga progresibong pwersa at mamamayan sa rehiyon sa loob ng apat na araw. Nahigitan ng mga aksyong protestang ito ang laki at igting ng mga pagkilos sa rehiyon sa huling mga araw ng diktadurang Marcos.

Ayon sa *Pakigbisog*, rebolusyonaryong pangmasang pahayagan ng Gitnang Kabisayaan, rumurok sa 50,000 ang nagtipon sa sentro ng Cebu City noong hapon ng Enero 19. Ang pamunuan at lokal na mga pwersa ng AFP at PNP, gayundin ang ilang pulitiko sa rehiyon, ay nahikayat ng laki ng pagtitipon na talikuran si Estrada at ang kanyang rehimen.

Ang malalaking demonstrasyong ito ay naging posible bunga ng puspusang paghahanda ng mga rebolusyonaryo at progresibong pwersa. Pinanday nila ang pinakamalawak na pagkakaisa ng mamamayan sa pamamagitan ng kumon at koordinadong mga pagkilos at pormal at di pormal na mga organisasyon. Sa kalauna'y humantong ang mga ito sa papalaking pagkilos sa antas lunsod, prubinsya at rehiyon, kasabay ng mga pambansang pagkilos.

Sa kasalukuyan, puspusan ang pagsisikap ng mga rebolusyonar-yong pwersa sa rehiyon na konsolidahin ang mga tagumpay na nakamit sa malapad na prenteng anti-Estrada. Kasabay nito, tuluytuloy na isinusulong ng mga rebolusyonaryong pwersa ang paglulubos ng pakikibaka laban sa pangkating Estrada.

Kaugnay nito, tiniyak ng Arnulfo Ortiz Regional Operational Command ng Bagong Hukbong Bayan ang kakayahan nitong ilunsad ang mga kinakailangang



Kagyat na binibigyang-atensyon ng rebolusyonaryong pwersa sa rehiyon ang konsolidasyon ng mga kabataang aktibista at kanilang mga organisasyon, na produkto ng kilusang anti-Estrada. Sa gayon, paparaming aktibista mula kabatamagsasaka, manggagawa, maralitang lunsod at mga estudyante ang nahihikayat na lumahok sa bagong-demokratikong rebolusyon. Kinikilala ng rebolusyonaryong pwersa ang kahalagahan ng patuloy na pagrekluta ng kabataan, sa partikular mga kabataang nakapag-aral, sa hukbong bayan para sa tuluy-tuloy na pagsulong ng matagalang digmang bayan. A



Mga taktikal na opensiba, patuloy na inilulunsad sa Kabikulan

DI BABABA SA 19 NA MAGKAKAHIWALAY NA TAKTIKAL NA OPENSIBA ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan sa Bikol mula Enero hanggang Abril 2001. Binuo ito ng mga operasyong agawarmas at pagpaparusa sa mga sagad-sagarang kontrarebolusyonaryo at masasamang elemento. Mayroon ding depensibang naitransporma sa opensiba.

Ayon sa ulat-koresponsal na ipinadala ng Romulo Jallores Command (RJC) sa *Ang Bayan*, tuluytuloy at papadalas na inilulunsad sa rehiyon ang maliliit subalit matatagumpay na taktikal na opensiba.

Noong Abril 20, pinarusahan ng kamatayan si Florencio Muñoz, dating alkalde ng Camalig, Albay. Ayon sa Santos Binamera Command ng BHB-Albay, pangunahin sa kanyang mga krimen ang pagbubuo ng lambat paniktik laban sa rebolusyonaryong kilusan na nagresulta sa pagkamatay ng ilang mandirigma ng BHB at masugid na pagsuporta sa pagpapatayo ng mapaminsalang Palanog Cement Factory kapalit ng malaking halaga ng pera.

Noong Abril 11, nireyd ng mga mandirigma ng BHB ang bahay ng isang pulis sa Barangay Dalupaon, Pasacao, Camarines Sur. Nadakip si SPO3 Edmundo Silapan Mendoza ng San Fernando Municipal Police Station. Gayunman, kaagad rin siyang pinalaya matapos mapaliwanagan. Nakumpiska sa kanya ang isang 9 mm na pistola, tatlong magasin at mga bala, magasin ng M16 at iba pang kagamitang militar.

Noong Marso 21, ligtas na nakaatras ang mga kasamang kinubkob ng isang seksyon ng Rapid Deployment Force ng 22nd IB sa Barangay Bololo, Guinobatan, Albay. Sa kabila ng kanilang katayuang depensibo, matagumpay na nakapanlaban ang mga kasama. Isang kaaway ang napatay at tatlong iba pa ang nasugatan.

Noong Pebrero 17, ginawaran ng BHB ng parusang

Beverly
Maslog sa
Legazpi
City. Napatay din
si SPO1
Jose Quoremces na

kamatayan si

lulan ng traysikel na sinasakyan ni Maslog. Si Maslog ay aktibo sa paglaban sa rebolusyonayong kilusan. Marami siyang ipi-

nahamak na mga kasama at masa. Sa pamamagitan ng isang programa sa radyo sa Albay, aktibo siyang nanawagan sa pagpapasuko sa mga kasama at naghasik ng mga intriga laban

Munisipyo sa Camarines Sur, nireyd ng BHB

SINALAKAY NG MGA PULANG mandirigma ang munisipyo ng Gainza, Camarines Sur noong tanghali ng Abril 27.

Tinutukan at pinadapa ng mga mandirigma ang hepe ng pulisya ng Gainza na si Insp. Ricardo Nocos, at ang iba pang mga empleyado roon. Nakasamsam ang BHB ng mga radyo mula sa munisipyo. Bago pa gawin ang pagsalakay ay nakakumpiska na ng isang M16 at isang pistolang 9 mm ang mga mandirigma mula sa bahay ng dalawang pulis.



Mga pagpaparusa ng BHB sa Hilagang Mindanao, ipinaliwanag

IPINALIWANAG KAMAKAILAN NG FR. FRANK NAVARRO COMMAND (FFNC) ng BHB-Hilagang Mindanao ang parusang kamatayang iginawad kay Mayor Lope Asis ng Bayugan, Agusan del Sur noong Abril 17 at kay Oscar Torralba, dating alkalde ng bayan ng La Paz sa kaparehong prubinsya noong Abril 21. Sa magkahiwalay na pahayag na ipinaabot sa *AB*, inisaisa ni Ka Bagani Dagohoy Bonifacio, tagapagsalita ng FFNC, ang mga krimen ng dalawa.

Ani Kasamang Bonifacio, si Asis ay may mabibigat na krimen laban sa mamamayan ng Bayugan at sa rebolusyon. Aktibo siya sa mga kontra-rebolusyonaryong kampanya sapul pa nang siya'y sundalo naging hanggang sa alkalde. Pasimuno siya sa pagtatayo ng mga lambat-paniktik at pagmamantine ng mapang-abusong CAFGU. Sinuportahan niya ang mababangis na operasyong militar kabilang ang pambobomba sa Ba-

yugan.

Dagdag pa ni Kasamang Bonifacio, malaki ang kinita ni Asis
sa negosyo sa iligal na droga. Katunayan aniya, isang malaking drug
pusher si Asis hindi lamang sa
Bayugan kundi maging sa Caraga
Region. Isa rin siyang warlord.
Nagkakanlong siya ng berdugong
armadong goons at kinukunsinte
niya ang mga abusadong pulis sa
Bayugan. Marami rin umanong kaso
si Asis ng pagpapapatay ng mga
bayan.

inosenteng sibilyan. Bilang alkalde, malaki ang ninakaw ni Asis mula sa pondong pampubliko.

Pinarusahan naman ng FFNC si Oscar Torralba sa sumusunod na batayan:

pagpapapatay kay Fr. Mark Estorba na siyang nagbunyag sa iligal na pagtotroso ni Torralba noong 1988 sa Butuan City, pagmasaker sa pamilyang Villahermosa sa isang baryo sa La Paz na nais kamkaman ni Torralba ng lupa at pagpapapatay sa municipal treasurer ng La Paz dahil nagpapakita ito ng mga ebidensya at saksi ito sa mga anomalya ni Torralba sa naturang bayan.

Fr. Frank Navarro Command

■ sa kilusan. Ginamit din niya ang pangalan ng mga lider ng BHB sa pangingikil para sa PNP.

Sumusunod ang ilan sa mga maliliit na taktikal na opensibang inilunsad sa Kabikulan, bukod sa mga naiulat na sa *AB*:

- 1. Pag-isnayp kay Sgt. Roy Brogada ng 16th IB sa Barangay Bulacao, Gubat, Sorsogon noong Marso 11.
- 2. Pagtambang noong Abril 1 kay Herardo Salceda, isang CAFGU, sa Barangay Buyo, Manito,

Albay, at pagkumpiska ng kanyang maikling baril.

- 3. Pagkumpiska ng isang .22, isang magasin, 19 bala at isang teleskopyo mula kay Barangay Kapitan Yolanda Imperial ng Bliss, Monbon-Irosin, Sorsogon noong Enero 19
- 4. Sa parehong araw, pag-agaw ng armas ni TSgt. Jaime Borigas, Jr. na nakatalaga sa Southern Command, Cagayan de Oro at nakatira sa Bagsangan, Irosin. Nakumpiska sa kanya ang isang .45 at isang .22.

Ang Bayan * Mayo 2001 13

MGA BALITA NG PAKIKIBAKA



MGA WARLORD SA NEGROS ORIENTAL, PINARUSAHAN NG BHB

GINAWARAN ng BHB ng parusang kamatayan noong Abril 27 si Jose Cardenas, bise alkalde at tumatakbong alkalde ng Canlaon, Negros Oriental, ang kapatid niyang konsehal na si Jessica Cardenas, at apat na iba pa.

Ayon sa pahayag ni Bayani Obrero, tagapagsalita ng Gatmaitan Operation Command ng BHB, ang pagpaparusa sa magkapatid na Cardenas ay kahilingan ng mala-wak na masa ng mamamayan ng Canlaon City. Aniya, si Cardenas ay napatunayang maysala sa pagpatay, pagharas at pagdakip sa mga magsasakang inagawan ng lupa, iligal na pagtotroso, *gunrunning, drug trafficking* at pagsupil sa karapatan ng mamamayan.

Dagdag pa ni Kasamang Obrero, naghasik ng lagim ang magkapatid na Cardenas sa Canlaon sa pamamagitan ng mga armadong *goon*, kontrol ng militar at pulisya, at pagaarmas ng mga upisyal ng barangay, mga tanod at impormer.

Sina Cardenas ay pinarusahan sa Sityo Pinamintigan, Barangay Budlasan, Canlaon City.

MGA KRIMINAL NA PULITIKO, PINARUSAHAN NG MGC

PINARUSA HAN ng Melito Glor Command (MGC) ng BHB-Timog Katagalugan si Marcial Punzalan, kongresman ng ikalawang distrito ng Quezon, nitong gabi ng Mayo 12 sa Tiaong, Quezon. Napatay din ang isa niyang badigard at isang upisyal militar. Kaagad na nagpahayag ang tagapagsalita ng MGC na si Tirso "Ka Bart" Alcantara na ang BHB ang naggawad ng parusang kamatayan kay Punzalan. Pinarusahan siya dahil sa pagiging sagad-sagarang kontrarebolusyonaryo at protektor ng sindikato sa droga sa prubinsya.

Bandang hapon naman nitong Mayo 7, pinarusahan din ng MGC

si Cesar Platon, alkalde ng Tanauan City, Batangas. Ayon kay Ka Bart, pinarusahan si Platon dahil sa kaniyang mga kasong kriminal at kontra-rebolusyonaryo. Ilan sa mga ito ang pagtutulak ng droga, *carnapping, gunrunning* at paglabag sa mga karapatang-tao.

3 SUNDALO NG AFP, PATAY SA AMBUS SA SURIGAO

ISANG sarhento at dalawang korporal ng Philippine Army ang napatay nang tambangan ng mga Pulang mandirigma noong Abril 29 sa Sityo Magtuyom, Bislig, Surigao del Sur. Ang naturang mga elemento ng AFP ay sangkot sa paglulunsad ng mga mapaminsalang operasyong militar sa nasabing lugar.

KUMPANYA SA *QUARRYING* SA DAVAO, PINARUSAHAN

SINUNOG ng mga mandirigma ng BHB nitong Mayo 22 ang mga makinaryang pang-quarry ng North American Crusher at Algon Construction sa Brgy. Gumalang, Baguio District, Davao City. Ang pagpaparusang ginawa ay bunga ng patuloy na pagtanggi ng kumpanya na magbayad ng buwis sa demokratikong gubyernong bayan.